

GSMA

Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills





Maiikling Pagsasanay:

Mga Feature ng Accessibility

Module 13: Mga Feature ng Accessibility

Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills




Ano ito?



Ipaliwanag: “May mga taong mahina ang paningin o halos hindi nakakikita, kaya nahihirapan silang makita ang nasa ng screen. May mga feature sa phone na makatutulong sa kanila. Mahalagang maipakita ang iba’t ibang opsyon na babagay sa kanilang pangangailangan. Kadalasan ay gumagamit ang mga tao ng kumbinasyon ng mga feature.”

Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Android
phone



Mga poster
ng mga feature
ng accessibility



Ano ang maaari mong paggamitan nito?

“Makatutulong sa iyo ang mobile phone mo kung hindi mo ito nakikita. Tatlo sa mga paraan na ito ay:”



Magnification (pagpapalaki ng mga nasa screen):

“Ang magnification ay isang na nagpapalaki ng itsura ng mga bagay sa iyong smartphone. Maraming tao ang gumagamit nito para mas makita ang maliliit na detalye. Para sa mga may malabong paningin, nakatutulong ito para mabasa ang mga nasa screen.”

“Si Michael ay gumagamit ng magnification para basahin ang balita araw-araw. Mas madali para sa kanya kung triple ang laki ng mga letra, lalo na sa mga mahabang kwento.”



Ano ang maaari mong paggamitan nito?



Pagpapasalita nang malakas sa phone:

“Ang ‘TalkBack’ ay isang feature na nagbibigay ng boses sa smartphone mo, kaya’t hindi mo na kailangang tumingin sa screen para malaman ang nangyayari. Kapag may ginagawa ka sa iyong phone, babasahin nito nang malakas kung anong nangyayari, at minsan ay magba-vibrate rin para ipaalam sa’yo ang kilos o galaw.”

“Si Ayesha ay matagal nang gumagamit ng magnification (o ang pagpapalaki ng nasa screen) sa kanyang phone, pero nitong huli ay napapansin niyang sumasakit na ang kanyang mga mata pagkatapos ng ilang oras. Kapag ganito, lumilipat siya sa TalkBack para gumaan ang paggamit niya.”



Pagbabago ng mga kulay at contrast:

“May ilang tao na nahihirapang makakita ng ilang kulay o contrast, kaya nagiging mahirap ang pagbabasa ng nasa screen ng smartphone. Maaari mong baguhin ang kulay sa mga phone para mas madali itong gamitin.”

“Si Susan ay gumagamit ng mas mataas na contrast ng display settings para mas madali niyang mabasa ang kanyang sinusulat sa WhatsApp o email. Napansin niya na mas kaunti ang pagkakamali niya kapag mas malinaw ang nakikita sa screen.”



Paano ito gumagana?

- **Tanungin** ang trainee kung ano ang gusto niyang gawin sa phone niya.
- **Trainer:** Tingnan kung may naka-set up na mga feature ng accessibility ang phone ng trainee.




Ano ito?



Ipaliwanag:“Ang mga taong may kapansanan sa pandinig o bingi ay maaaring gumamit ng smartphone tulad ng iba, dahil may mga feature ang phone na makatutulong sa kanila.”

Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Android
phone



Mga poster
ng mga feature
ng accessibility



Ano ang maaari mong paggamitan nito?

“Matutulungan ka ng mobile phone mo kung hindi mo ito naririnig. Tatlo sa mga paraan na ito ay:”



Pagpapalakas ng Tunog:

“Kung nahihirapan kang marinig ang sinasabi ng mga tao sa paligid mo, makatutulong ang Android phone mo. May feature itong tinatawag na Sound Amplifier na nagpapalinaw ng tunog para mas madali mo itong marinig.”

“Gamit ni Andrew ang Sound Amplifier kapag nakikipag-usap siya sa mga tao sa café. Mas malinaw niyang naririnig ang kausap dahil nababawasan ang ingay sa paligid.”



Ano ang maaari mong paggamitan nito?



Mga Caption:

“Kapag may pinapanood kang video o pinapakinggang audio sa phone mo, puwede mong buksan ang captions. Ibig sabihin nito na makikita mo ang mga salitang sinasabi sa screen. Malaking tulong ito lalo na sa mga taong hirap makarinig ng awit o video.”

“Si Sandra ay gumagamit ng captions kapag nasa video call. Mas nakakapag-focus siya sa usapan kapag may captions, lalo na kapag nahihirapan na siyang marinig ang sinasabi ng kanyang kausap.”



Transcription:

“Ang Live Transcribe ay katulad ng mga caption. Ibig sabihin, habang nag-uusap ang mga tao, makikita mo ang text ng kanilang sinasabi sa screen. Para sa mga taong may mahinang pandinig o bingi, maaaring maging kapaki-pakinabang ang Live Transcribe.”

“Ikinokonekta ni Sahid ang kanyang hearing aid sa kanyang smartphone kaya mas malinaw at mas madali niyang naiintindihan ang sinasabi ng kanyang kapatid kapag sila’y nag-uusap sa WhatsApp.”

Gawin itong makabuluhan sa trainee: Talakayin kung paano maaaring maging kapaki-pakinabang ang features na ito sa kanyang buhay.



Paano ito gumagana?

- **Tanungin** ang trainee kung ano ang gusto niyang gawin sa phone niya.
- **Trainer:** Tingnan kung may naka-set up na mga feature ng accessibility ang phone ng trainee.



Maiikling Pagsasanay:

Mga Feature ng Accessibility

Mga Poster at Mga Cut-Out

Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills




Importanteng tips para manatiling ligtas online

Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.



Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo

Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.



Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online

Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.



Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password

Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.



Huwag magdulot ng pinsala sa iba online

Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.



Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko

Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.








Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo

Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.



Mga Gastos sa Data









Mga Feature ng Accessibility

Pagbabago at pagwawasto ng mga kulay


1




2





3





4





5




1





2





3



4





5







1





2




3



4




5







Magnification para sa mga taong may kaunti lang ang nakikita



1




2




3



4




5








1




2




3



4





5







I-set up ang TalkBack


1





2




3



4





5








1




2



3





4






Pag-amplify ng tunog



1




2



3





4






I-set up ang mga caption



1





2





3




4



5





6








1





2



3



4



5

